

Tulong sa Wika para sa mga Botante ng California

Lahat ng kailangan ninyong malaman upang makaboto sa Nobyembre 2018 sa wikang gusto ninyo.

Ang mga botante ng California na gustong bumoto sa wikang maliban sa English ay maaari nang makakuha ng tulong ngayon higit kailanman! Ang pinakamalalaking dayuhang komunidad sa buong California ay nakinabang sa ganap na bilinggwal na eleksyon sa loob ng maraming taon. **Tingnan ang talaan sa ibaba** – kung ang inyong piniling wika ay nasa pinakakanang bahagi ng hanay para sa inyong probinsya, ang lahat ng nasa English habang bumoboto ay nakasalin din sa inyong piniling wika. Tawagan ang inyong tanggapan ng eleksyon upang makakuha ng mga nakasaling materyales!

Sa 2018, maraming mas maliliit ngunit kapansin-pansin na ring komunidad na gumagamit ng minoryang wika ay magkakaroon ng karapatan sa mga naisaling mga halimbawang balota, impormasyon, at tulong. **Tingnan ang talaan sa ibaba** – kung ang inyong piniling wika ay nasa gitang hanay para sa inyong probinsya, maaaring may mga nakasaling halimbawang balota sa inyong presinto (na tinatawag ding “mga nakasaling facsimili na balota”) sa inyong wika. Mahalaga: Ang mga balotang hindi ay hindi mga balotang gagamitin para sa botohan ngunit maaaring gamitin bilang nakasaling reperensya kapag bumoboto sa isang balotang English.

Maiikling payo para sa mga botanteng bumoboto sa mga presinto

Palaging tanungin ang kawani sa inyong presinto kung ano-anong materyales ang mayroon sila sa inyong piniling wika. At itanong kung mayroong kawani sa presinto na nagsasalita ng inyong wika.

Maiikling payo para sa mga botanteng bumoboto sa pamamagitan ng koreo

Kung boboto kayo sa pamamagitan ng koreo, tawagan ang inyong tanggapan ng eleksyon at itanong kung ano-anong nakasaling materyales ang maaari nilang ipadala sa inyo. Dapat ay maibigay sa inyo ang lahat nang walang bayad.

Bago ang Araw ng Eleksyon



Mga dalawang linggo bago ang Araw ng Eleksyon, ang **website ng pamprobinsyang eleksyon** ay magkakaroon ng listahan ng lahat ng presintong magkakaroon ng mga nakasaling halimbawang balota. Ang matatanggap ninyo sa koreo na impormasyong gabay para sa botante ng probinsya ay dapat may nakasaling nilalaman na nagpapaliwanag kung paano maa-access ang listahang ito online.



Kung kayo ay isang botanteng **vote-by-mail (botante sa pamamagitan ng koreo)**, maaari kayong magpadala sa inyo ng nakasaling halimbawang balota nang walang bayad. Maaaring walang ganito sa lahat ng komunidad sa probinsya -- tawagan ang tanggapan ng eleksyon ng inyong probinsya at itanong kung magkakaroon ang inyong purok nitong mga nakasaling halimbawang balota. Kung oo, maaari kayong magpadala sa tanggapan sa inyo, sa pamamagitan ng koreo o email nang walang bayad. Dapat kayong makapag-request nang hindi bababa sa 7 araw bago ang Araw ng Eleksyon.



Ang inyong impormasyong gabay para sa botante ng probinsya at website ng eleksyon ay dapat may nakasalin nang nilalaman na nagpapaliwanag na ang isang botante ay maaaring **magsama ng hanggang dalawang tao upang tulungan silang bumoto** hangga't ang mga taong iyon ay hindi kumakatawan sa nagpapatrabaho o unyon ng botante. Magsama ng kamag-anak o kaibigan!

Sa Araw ng Eleksyon



Sa presinto, makakakita kayo ng **nakasaling paunawa** na magpapabatid sa inyo kung ano-anong wika nakasalin ang halimbawang balota. May **nakasaling paunawa** rin na magpapabatid sa inyo kung ano-anong wika ang ginagamit ng mga kawaning nasa presinto.



Kung ang inyong presinto ay may nakasaling halimbawang balota sa inyong wika, dapat ito ay **nakapaskil sa kapansin-pansing lugar** AT dapat ay may kopya kayong **madadala sa loob ng puwesto o booth ng botohan** upang magamit bilang reperensya habang bumoboto sa isang balotang English. Kung gusto ninyong makakita ng isa, humingi lang nito!



Kung may mga bilinggwal na kawani sa presinto, **may suot silang tsapa o badge, ribbon, o sticker** na nagpapabatid ng wikang alam nila.

Upang malaman kung ang inyong presinto ay magkakaroon ng nakasaling halimbawang balota at/o mga bilinggwal na kawani sa presinto para sa inyong wika, makipag-ugnayan sa tanggapan ng eleksyon ng inyong probinsya o bisitahin ang kanilang website. Upang makita ang kanilang impormasyon, tingnan ang nasa ibaba o bisitahin ang: www.sos.ca.gov/county-elections-offices

Mga Probinsyang Pinili ng mga Botante: Kung kayo ay naninirahan sa isang probinsyang¹ nagpapatibay sa modelo ng eleksyong tinatawag na Voter's Choice Act (Batas sa Pinili ng Botante), mas maraming opsyon ang mayroon. Itanong sa kawani saanmang sentro ng botohan kung mayroon silang mga materyales sa inyong wika.

Mga Kahingian sa Wika ayon sa Probinsya

Tingnan ang mga gitnang hanay sa ibaba. Kung nakalista ang inyong wika doon para sa inyong probinsya, maaaring may mga nakasaling halimbawang balota (na tinatawag ding "mga facsimili na balota). Tawagan ang tanggapan ng eleksyon ng inyong probinsya upang magtanong.

Tingnan ang mga kanang hanay sa ibaba. Kung nakalista ang inyong wika doon para sa inyong probinsya, ang lahat ng nasa English kabilang ang mga nakasaling balota na pwedeng gamitin sa botohan ay nakasalin din sa inyong wika.

¹ Lima sa mga probinsya ng California ang gagamit sa bagong modelo ng eleksyon sa 2018: Madera, Napa, Nevada, Sacramento, at San Mateo.

Probinsya	May Nakasaling Halimbawang Balota	May mga Nakasaling Bersyon ng LAHAT ng Materyales sa Pagboto
Alameda (510) 272-6933	Khmer, Korean, Punjabi	Chinese, Spanish, Tagalog, Vietnamese
Alpine (530) 694-2281	--	--
Amador (209) 223-6465	Spanish	--
Butte (530) 538-7761	Hmong, Spanish	--
Calaveras (209) 754-6376	Spanish	--
Colusa (530) 458-0500	--	Spanish
Contra Costa (925) 335-7800	Korean, Tagalog, Vietnamese	Chinese, Spanish
Del Norte (707) 464-7216 or (707) 465-0383	Spanish	American Indian (determined at the county level)
El Dorado (530) 621-7480	Chinese, Spanish	--
Fresno (559) 600-8683	Chinese, Hmong, Korean, Khmer, Punjabi, Tagalog, Vietnamese	Spanish
Glenn (530) 934-6414	--	Spanish
Humboldt (707) 445-7481	Spanish	--
Imperial (442) 265-1060	--	Spanish
Inyo (760) 878-0224	Spanish	--
Kern (661) 868-3590 o (800) 452-8683	Tagalog, Punjabi	Spanish
Kings (559) 852-4401	Tagalog	Spanish
Lake (707) 263-2372	Spanish	--
Lassen (530) 251-8217	Spanish	--
Los Angeles (800) 815-2666	Armenian, Bengali, Farsi	Khmer, Chinese, Korean, Spanish, Tagalog, Vietnamese
Madera* (559) 675-7720	Punjabi	Spanish
Marin (415) 473-6456	Spanish, Vietnamese	--

Mariposa (209) 966-2007	Spanish, Tagalog	--
Mendocino (707) 234-6819	Spanish	--
Merced (209) 385-7541	Chinese, Hmong, Punjabi	Spanish
Modoc (530) 233-6205	Spanish	--
Mono (760) 932-5537	Spanish	--
Monterey (831) 796-1499	Korean, Tagalog, Vietnamese	Spanish
Napa* (707) 253-4321	Spanish, Tagalog	--
Nevada* (530) 265-1298	Spanish	--
Orange (714) 567-7600	Tagalog, Farsi	Chinese, Korean, Spanish, Vietnamese
Placer (530) 886-5650	Korean, Spanish, Tagalog	--
Plumas (530) 283-6256	Spanish	--
Riverside (951) 486-7200	Chinese, Korean, Tagalog, Vietnamese	Spanish
Sacramento* (916) 875-6451	Hmong, Korean, Punjabi, Tagalog, Vietnamese	Chinese, Spanish
San Benito (831) 636-4016	--	Spanish
San Bernardino (909) 387-8300	Chinese, Korean, Tagalog, Vietnamese	Spanish
San Diego (858) 565-5800 o (800) 696-0136	Arabic, Korean	American Indian (matutukoy sa probinsya), Chinese, Spanish, Tagalog, Vietnamese
San Francisco (415) 554-4375	Korean, Tagalog, Vietnamese	Chinese, Spanish
San Joaquin (209) 468-2885	Chinese, Khmer, Punjabi, Tagalog, Vietnamese	Spanish
San Luis Obispo (805) 781-5228	Spanish, Tagalog	--
San Mateo* (650) 312-5222	Korean, Tagalog	Chinese, Spanish
Santa Barbara (805) 568-2200 o (800) 722-8683	Chinese, Korean, Tagalog	Spanish

Santa Clara (408) 299-8683 o (866) 430-8683	Korean, Khmer	Chinese, Spanish, Tagalog, Vietnamese
Santa Cruz (831) 454-2060	Spanish	--
Shasta (530) 225-5730	Spanish	--
Sierra (530) 289-3295	Spanish	--
Siskiyou (530) 842-8084	Spanish	--
Solano (707) 784-6675	Spanish, Tagalog	--
Sonoma (707) 565-6800	Spanish, Khmer, Tagalog, Vietnamese	--
Stanislaus (209) 525-5200	Khmer, Punjabi, Syriac	Spanish
Sutter (530) 822-7122	Spanish, Punjabi, Tagalog	--
Tehama (530) 527-8190	Spanish	--
Trinity (530) 623-1220	--	--
Tulare (559) 624-7300	Tagalog	Spanish
Tuolumne (209) 533-5570	Spanish	--
Ventura (805) 654-2664	Chinese, Tagalog, Vietnamese	Spanish
Yolo (530) 666-8133	Spanish, Chinese, Korean	--
Yuba (530) 749-7855	Hmong, Spanish	--

* Ang mga bansang ito ay nagpapatupad ng bagong sistema sa pagboto. Bisitahin ang voterschoice.org para sa karagdagang impormasyon.